THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 11 * Marso 12 - 18, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# DOUBLE BARREL FINALE VERSION 2022 INILUNSAD NG PNP

sundan sa pahina 3





**PUBLIC ANNOUNCEMENT!**

**Alert Levels System for COVID-19**

**NCR**

**Alert Level 1**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Php6.9M shabu nakumpiska sa buy-bust sa Caloocan City; babae arestado

sundan sa pahina 9

## Miyembro ng NPA sa Barrio sumuko sa Mt. Province PNP

sundan sa pahina 10

## Php2.7M halaga ng Agarwood nasabat ng Sorsogon PNP

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang maaaring ikaso sa taong nagtatago ng isang criminal?**

Ang sinuman na sadyang humadlang, bumigo o magreresulta sa pagkakaantala sa pagkakadakip ng suspek upang mapaisailalim sa hurisdiksyon ng korte at magkaroon ng pagsisiyayasat o pag-uusig ng mga kasong kriminal ay pwedeng makasuhan ng Obstruction of Justice.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com

HOTLINE NUMBERS

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio @pnppio @pnp_pio PNP PIO www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG

**e - SUMBONG SMS Hotline**

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Community Outreach Program at Harana ni Nanay Singing Challenge isinagawa ng Agusan del Sur PNP



**Agusan del Sur – Nagsagawa ng Community Outreach Program at Harana ni Nanay Singing Challenge ang Agusan del Sur Police Provincial Office bilang bahagi ng pagdiriwang ng National Women's Month Celebration sa Brgy. Prosperidad at Brgy. San Francisco, Agusan del Sur, nito lamang Lunes, Marso 15, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Lieutenant Colonel Jude Cres Milan, Chief, Police Community Affairs and Development Unit ng Agusan del Sur Police Provincial Office sa ilalim ng direktang superbisyon ni Police Colonel Jovito Canlapan.

Namahagi sila ng 50 food packs sa mga senior citizen na pawang mga residente ng Brgy. Prosperidad at Brgy. San Francisco, Agusan del Sur.

Nagkaroon din ng Harana ni Nanay Singing Challenge na kung saan ipinamalas ang talento at husay sa pagkanta ng mga ilaw ng tahanan.

Bawat entry ay isa-isang ni-record at inupload sa official Facebook page ng Agusan del Sur Police Provincial Office upang ang mga netizens ay makapag react, comment at share sa kanilang choice of entry.

Pinasalamatan din ni Police Lieutenant Colonel Milan ang walang sawang suporta ng kababaihan lalo na ang ating mga nanay sa pagsugpo at pakikiisa laban sa insurhensiya at terorismo.

Ang pagsasagawa ng ganitong uri na aktibidad ay isang paraan ng kapulisan ng Agusan del Sur na ipakita ang kahalagahan at malaking tungkulin na ginagampanan ng mga kababaihan sa lipunan. *(Panulat ni Patrolman Jhunel Cadapan, RPCADU 13)*

# 38 Former Rebels sumailalim sa Livelihood Training sa Davao de Oro



**Davao de Oro - Sumailalim sa iba't ibang Livelihood Training ang 38 na dating rebelde sa isinagawang farm exposure ng Police Regional Office 11 Revitalized–Pulis sa Barangay sa Purok 3, Brgy. Pasian, Davao de Oro nitong Miyerkules, Marso 16, 2022.**

Ito ay sa pangunguna ni PMaj Rowena Jacosalem R-PSB focal person, kasama ang tauhan ng Regional Community Affairs and Development Unit 11.

Dito ay ipinaliwanag ni Janice Bulosan, Admin Officer ng Davao de Oro farm ang mga teknolohiya at pamamaraan ng pagsasaka. Kabilang din sa mga itinuro sa kanila kung paano isagawa ang grafting and budding ng mga alagang tanim, Banana Tissue Culture, BIO-N Technology, Trichoderma Laboratory at ang poultry raising.

Ang nasabing farm exposure ay bahagi lamang ng kanilang Counter-Radicalization and Reintegration Seminar para sa kanilang muling pagbabalik sa komunidad.

Malaki ang naging pasasalamat ng mga dating rebelde dahil nabigyan sila ng pagkakataong bumisita at matuto ng mga pamamaraan sa pagsasaka na magagamit nila sa kanilang magiging hanapbuhay pagkatapos ng kanilang 12 araw na seminar.

Layunin ng aktibidad na ito na sila ay mabigyan at magkaroon ng karagdagang kaalaman sa pagtatanim at maipabatid ang mga tulong na nais ipaabot ng gobyerno para sa kanila.

Ito ay isa lamang sa mga aktibidad na ginagawa ng Police Regional Office 11 at Revitalized Pulis sa Barangay upang matulungan ang mga dating rebelde na magkaroon ng matiwasay at magandang buhay sa kanilang muling pagbabalik sa pamayanan. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann Delmita)*

# Php22.5M halaga ng marijuana nakumpiska sa buy-bust sa Pasig City; 4 arestado




**Pasig City – Tinatayang Php22.5 milyong halaga ng marijuana ang nakumpiska sa apat na suspek sa buy-bust operation ng PNP nito lamang Lunes, Marso 14, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Randy Peralta, Director ng PNP DEG, ang mga suspek na sina Mivier C Miranda Jr., male, 25; Abdel D Badio, male, 26; Jeffrey L Tavas, male, 37, pawang mga residente ng Pasig City at Dante S Garbida, male, 29, residente ng Everlasting Street, Brgy. San Andres, Cainta, Rizal.

Ayon kay Police Brigadier General Peralta, bandang 6:15 ng gabi naaresto ang mga suspek sa #250, East Road Bank, Soldiers Village, Brgy. Sta Lucia, Pasig City ng pinagsanib puwersa ng Special Operation Unit 5 ng PNP DEG, District Intelligence Division ng Eastern Police District, Station Drug Enforcement Unit ng Pasig City at Pasig City Sub Station 7.

Ayon pa kay Police Brigadier General Peralta, nakumpiska mula sa mga suspek ang isang brown spherical plastic block/wrap at isang malaking sako na naglalaman ng assorted plastic block/wrap ng hinihinalang high grade marijuana o Cannabis Sativa na may timbang na humigit kumulang 15 kilos na may Standard Drug Price na Php22,500,000.

Aniya pa ni Police Brigadier General Peralta, kabilang sa nasamsam ang isang pirasong genuine Php1000 bill na may serial number MG291718 na ginamit bilang buy-bust money, isang unit ng Real me smart phone, assorted Identification Cards at marijuana tube.

Dagdag pa ni Police Brigadier General Peralta, mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Section 5 at Section 11 in relation to Section 26 ng Article II of RA 9165 otherwise known as "The Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002".

Ang nasabing operasyon ay bahagi sa mas pinaigting na kampanya ng PNP at ng pamahalaan upang wakasan ang problemang idinulot ng mga ipinagbabawal na droga at tuldukan ang mga krimeng may kaugnayan dito.

# Double Barrel Finale Version 2022 inilunsad ng PNP



**Camp Crame, Quezon City - Pinangunahan ni Chief PNP Police General Dionardo Carlos ang paglunsad ng mas pinaigting na Campaign Plan Double Barrel sa Kampo Crame ngayong umaga ng Lunes, March 14, 2022.**

Ito ay pinangalanan na Double Barrel Finale Version 2022 na binansagang "Anti-Illegal Drugs Operations Thru Reinforcement and Education" o ADORE.

Pinasinayaan ni DOH Secretary Francisco T Duque III ang naturang programa na isinabay sa Traditional Monday Flag Raising Ceremony.


Isa sa tampok sa programa ay ang Unveiling of ADORE marker (Infinity Marker) na ang kahulugan ay "Endless, Boundless, and Continues Indefinitely".

Ang ADORE marker ay nagrerepresenta sa pinakamahusay na istratehiya ng Pambansang Pulisya laban sa ilegal na droga kung saan nilapat dito ang 8e's para sa mabisa nitong implementasyon, ito ay ang engineering the structure; education; extraction of information; enforcement of law; enactment of laws; environment; economics; at evaluation.

Sa 2022 Double Barrel Finale mas paiigtingin ang police presence ng pulisya para masuportahan ang Barangay Drug Clearing Operations at mga aktibidad ng Barangay Anti-Drug Abuse Council o BADAC, mapigilan ang paglaganap ng ilegal na droga, at ang tuloy-tuloy na pagbibigay impormasyon sa komunidad lalo na sa mga drug surrenderees sa mga masamang epekto ng droga.

"This is a commitment by the Philippine National Police that thru the reinforcement, this is our rehabilitation, recovery and wellness, and reintegration of the more than 1.2 million that surrendered. We will go back to the streets now, that we are in a new normal, that the environment will allow us to reach out again to them the victims of these illegal drugs, we will continue that and we will continue reducing the supply by our law enforcement function together with Philippine Drug Enforcement Agency. That is the commitment to the Filipino people as the end-game strategy", ani Police General Carlos. *(Panulat ni Police Corporal Jhoanna Marie C Najera)*

# Hinihinalang miyembro ng CTG sa Camarines Norte arestado sa kasong Murder



**Camarines Norte – Naaresto ang isang hinihinalang miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) sa kasong Murder sa Labo, Camarines Norte noong Marso 16, 2022.**

**Kinilala ni Police Colonel Julius Guadamor, Provincial Director ng Camarines Norte Police Provincial Office ang suspek na si Alyas "Mando", 38, may asawa, residente ng P-2 Brgy. Maot, Labo, Camarines Norte.**

Ayon kay PCol Guadamor, si Mando ay hinihinalang miyembro ng L1 at Kilusang Partido 1 na diumanong bumaril sa isa niyang kabarangay sa Sitio Doongan, Brgy. Malangcao-Basud, Labo, Camarines Norte noong 2006.


Ayon pa kay PCol Guadamor, naaresto si Mando sa pinagsanib na puwersa ng mga kapulisan ng Camarines Norte PPO at Armed Forces of the Philippines.


Dagdag pa ni PCol Guadamor, si Mando ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Murder na inilabas ng Acting Presiding Judge ng Regional Trial Court Branch 64, Labo, Camarines Norte noong Enero 24, 2020 na may Criminal Case #06-1400 at walang rekomendadong piyansa.

Pinuri ni PCol Guadamor ang patuloy na pagtugis ng mga kapulisan laban sa mga taong nagtatago sa batas at mga sumasanib sa mga kalaban.

Aniya, "Hindi pa huli ang lahat para magbago, andito kami upang tumulong na kayo ay mabigyan ng pagkakataon na magbagong buhay para sa inyong pamilya". *(Panulat ni PCPL Shiear "Kye" Velasquez-Ignacio)*

# Brgy. Chairman sa Matalom, Leyte arestado sa PNP buy-bust




Matalom, Leyte – Arestado ang isang Brgy. Chairman ng Matalom, Leyte at isa pang kasama nito sa buy-bust operation ng pulisya nito lamang Martes, Marso 15, 2022.

Kinilala ni Police Brigadier General Bernard Banac, Regional Director, Police Regional Office 8, ang mga suspek na sina Rogelio Daño alyas "Elmer", 57, Brgy. Chairman/ABC President at si Cesario Daño Lambujon, 35, at parehong residente ng Brgy. Sta. Fe, Matalom, Leyte.

Ayon kay PBGen Banac, nahuli ang mga suspek bandang 7:15 ng gabi sa Baywalk Area ng Brgy. Kalanggaman, Bato, Leyte ng pinagsanib puwersa ng mga operatiba ng Bato Municipal Police Station, Matalom MPS at PDEA VIII-RSET, Leyte Police Provincial Office.

Ayon pa kay PBGen Banac, ang dalawang suspek ay kabilang sa High Value Individual sa rehiyon.

Dagdag pa ni PBGen Banac, nakuha kay Daño at Lambujon ang 100 gramo ng hinihinalang shabu na may Standard Drug Price na Php680,000 at isang puting sobre na naglalaman ng cash na nagkakahalaga ng Php15,000.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Sec. 5 at 11 ng RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang dalawang naarestong suspek at mga nakumpiskang ebidensiya ay nasa kustodiya na ngayon ng PDEA 8 para sa kaukulang disposisyon.

"Hindi titigil ang ating mga operasyon laban sa ilegal na droga hangga't hindi natin ginagawang malinis ang lahat ng lungsod, munisipalidad at barangay sa buong Rehiyon 8. Hindi natin patatawarin ang sinumang gagawa ng paglabag sa ating batas", ani PBGen Banac.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

Ni PGen Dionardo B Carlos

## Ligtas SumVac 2022

Sa pagsisimula ng panahon ng tag-init, mas pinalakas ng Pambansang Pulisya ang mga hakbang para sa seguridad at kaligtasan ng bawat isa sa pamamagitan ng kampanyang "Ligtas Sumvac o Summer Vacation 2022".

Nagbaba na tayo ng operational guidelines sa iba't ibang opisina lalo na sa mga police station para mas matiyak na ang minimum public health standards at ang kapayapaan at kaayusan ay mapapanatili, partikular sa mga tourist destination at mga lugar ng pagsamba.

Ang mga buwan Abril at Mayo ay panahon na maraming selebrayon, pagtitipon, at pista sa ating bansa. Kaya naman, inaasahan ang pagdagsa ng mga bisita, lokal at dayuhan, lalo na sa iba't ibang mga tourist spot. Kaya puspusan ang paghahanda at pagbabantay ng ating kapulisan dahil maraming tourist spots ang muling nagbukas bunsod sa pagluwag ng quarantine protocols matapos ang mahigit dalawang taong paghihigpit ng implementasyon nito.

Naka-alerto na ang lahat ng police units at stations na mahigpit na sumunod sa ating guidelines para maiwasan natin ang muling pagdami ng mga kaso ng COVID-19 at mapigilan ang mga krimen na mangyari.

Kasama rin sa ating direktiba sa mga kasamahan nating pulis sa mga istasyon na makipag-ugnayan sa mga tourism office, lokal na pamahalaan at mga katuwang na force multipliers na maaaring i-deploy at mamahagi ng mga crime prevention tips na maaaring magsilbing gabay para sa mga turista.

Regular ding isasagawa ang inspeksyon sa mga lugar ng turista kasabay ang pagsasagawa ng mga mobile patrol at pagpapatupad ng maximum police visibility sa mga matataong lugar.

Kaagapay naman ang tourist police para tumutok sa mga reklamo ng mga turista para mabigyan ng agarang aksyon. Pinapaalalahanan din natin ang mga may-ari ng mga establisyemento na ipagpatuloy ang pagsunod sa health protocol at magkaroon ng kanilang sistema para mapangalagaan at masubaybayan ang mga bisita. Sumunod din tayo sa mga ordinances na ipinatutupad sa inyong mga lugar tulad ng curfew at liquor ban.

Tandaan natin na ang kaligtasan ng bawat isa ay responsibilidad nating lahat.

# EDITORYAL

## Edukasyon at rehabilitasyon susi sa problema kontra ilegal na droga

Pormal nang inilunsad ang Double Barrel Finale version 2022 o ang Anti-illegal Drugs Operation thru Reinforcement and Education (ADORE) nitong ika 14 ng Marso sa Camp Crame. Ang nasabing programa ay sesentro sa edukasyon at rehabilitasyon upang tuluyang masawata ang problema sa iligal na droga.

Ang edukasyon ay tututok sa pagbibigay kaalaman ukol sa masamang epekto at maaaring kahihinatnan ng pagkakalulong sa droga. Mahalaga din ang edukasyon sa populasyon bilang bahagi ng pangkalahatang stratehiya ng pamahalaan para mapababa ang demand sa ilegal na droga.

Tututukan din ang rehabilitasyon sa finale version ng Double Barrel. Matatandaang sa panahon ng Duterte administration napasuko nila ang nasa 1.2 million drug users upang isalang sa rehabilitation program ng pamahalaan. Ang mga sumukong drug users ay binigyan ng pagkakataong magbago at lumayo sa impluwensiya ng illegal drugs. At ito ay paiigtingin sa ADORE program.


Maraming ibinigay na aral at nakapagdulot ng mas malawak na perspektibo ang programang double barrel na inilunsad noong taong 2016. Habang iminulat tayo kung gaano na kalala noon ang problema sa iligal na droga, ito rin ang nagmulat sa kamalayan ng pamahalaan na hindi lang natatapos sa paghuli sa nagbebenta at gumagamit ng droga ang problema sa iligal na droga.

Ang problema sa iligal na droga ay kinakailangan ng solusyon na sumasaklaw sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno. Katulad na lamang ng Kagawaran ng Kalusugan para sa rehabilitasyon ng ating mga kababayang nalulong sa iligal na droga na boluntaryong sumusuko at nais magbagong buhay. Mas lalong importante naman ang Kagawaran ng Edukasyon sapagkat ito ang pinakamainam na interbensyon upang huwag nang tangkain pa ng ating mga kababayan ang gumamit ng iligal na droga.

Sa Finale version ng double barrel, ito ang pag-iibayuhin at palalakasin ng pambansang pulisya ang masigurong maabot ang lahat ng sektor ng lipunan upang magbigay kaalaman ukol sa masamang dulot ng iligal na droga at sa pakikipagtulungan nito sa Kagawaran ng Kalusugan at iba't ibang lokal na pamahalaan, masisisguro ang rehabilitasyon ng ating mga kababayang nais magbagong buhay.

Palalakasin din ang Barangay Development Program kung saan paiigtingin ang presensiya ng ating BADACs o Barangay Anti-Abuse Council bilang kapartner ng mga kapulisan sa mga barangay. Sila ang katulong ng ating mga kapulisan na siyang aabot sa ating mga kababayang nais magbagong bugay at sila rin ang makakatulong ng kapulisan sa pagbabahagi ng mga kaalaman upang maiwasan ang paggamit at pagkalulong sa bisyong ito.

Ipagpapatuloy ng pambansang pulisya ang mandato nitong magpatupad ng batas at pumrotekta lalo na ang kapakanan ng ating mga kababayan. Kaya naman mas lalo pang pinag-iigihan at pinagbubuti ang mga dati nang programa nito upang mailayo ang ating mga kababayan sa tiyak na kapahamakan at lubhang mapanirang iligal na droga.




# THE PNP CORRESPONDENT

Ni: PEMS Eric B. Fernandez

## PNP: May bagong 8 Police Brigadier Generals

May walo na mga bagong Police Brigadier Generals (PBGen) sa Pambansang Pulisya kasabay ng "Oath-Taking and Donning of Ranks Ceremony of Star Rank Officers" na ginanap sa PNP Multi-Purpose Center sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City.

Si Philippine National Police Chief, PGen Dionardo B Carlos ang siyang nanguna bilang Administering Officer sa nasabing programa na kung saan ay dinaluhan din ito ng kanyang PNP Command Group, Directorial and Personal Staff, Directors ng National Support Units, at iba pang mga opisyales.

Ayon kay PBGen Constancio T Chinayog Jr., Executive Officer, Directorate for Personnel and Records Management (DPRM), kabilang anya sa walong bagong Heneral ang nanumpa sa kanilang bagong ranggo bilang mga One-Star General ay sina: PBGen Jerry F Bearis, National Capital Region Police Office (NCRPO); PBGen Limuel E Obon, Directorate for Operations (DO); PBGEN Niño David L Rabaya, PNP Retirement and Benefits Administration Service (PRBS); PBGen Juel Neil O Salcedo, Police Security Protection Group (PSPG); PBGen Gerardo L Umayao, Police Regional Office (PRO) 9; PBGEN Andrew D Cayad, Directorate for Intelligence (DI); PBGen Chito G Bersaluna, Criminal Investigation and Detection Group (CIDG); at si PBGen Jonathan A Cabal, Directorate for Police Community Relations (DPCR).

Sa mensahe ni PNP Chief, PGen Dionardo Carlos ay pormal na nagpaabot ng kanyang pagbati sa ating mga bagong PBGens dahil sa mga bagong ranggo o promosyon na kanilang tinanggap. Kalakip din nito ay ang kanyang paalaala na manatiling tapat sa kanilang sinumpaang tungkulin sa bayan. Ang pagtaas anya ng kanilang ranggo ay nangangahulugan lamang na karagdagang responsibilidad na kanilang gagampanan sa Pambansang Pulisya. Naniniwala din si PNP Chief sa kakayanan ng ating mga bagong Police Brigadier Generals dahil sa kanilang magagandang accomplishments at malinis na track record mula noon hanggang sa ngayon.

Sa kanilang naging mensahe ay nagpasalamat naman ang mga newly promoted Star Rank Officers sa ating PNP Chief, PGen Carlos dahil sa pagtitiwala sa kanilang kakayanan, ganun din sa ating mahal na Pangulong Rodrigo Roa Duterte dahil sa panggagawad sa kanilang mga bagong ranggo, bagay na kanilang susuklian ng isang malinis at tapat na pagseserbisyo hindi lamang sa PNP kundi lalo na sa ating mga mamamayang pinaglilingkuran.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Kapag May Problema, Ano ang Dapat Gawin?

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Tunay na tapat ang Panginoong Diyos sa Kanyang pangako sa atin. Ang Kanyang Salita ay mapanghahawakan natin at Siya`y kanlungan natin sa lahat ng panahon.

Kamusta po kayo?

Mabuti naman, yan po ang maririnig natin sa mga kaibigan natin. Ang tanong ko ay ok ba talaga at walang problema? May mga napapabuntung-hininga na lamang, sandaling katahimikan at sasabihin sa atin, "Ah sasabihin ako sa iyo, sa totoo lang ay mayroon akong problema na matagal ko ng idinudulog sa panalangin sa Panginoon at hinihiling na tulungan Niya ako." Ang paglapit sa akin ng isang kabaro at pagbabahagi ng kanyang problema ay isang pagkakataon sa akin na sila ay aking matulungan.

Ang tao ay may kanya-kanyang katangian: mayroong malihim, mahiyain, prangka, o hindi nahihiya. Sa pagtugon sa problema ay mayroong positibong hinaharap ito, mayroong ipinagwawalang-bahala na tila walang problemang hinaharap, at mayroong tila gumuho na ang mundo dahil sa problemang kinakaharap.

Sino ba ang hindi naaapektuhan kapag may problema? Lahat naman tayo ay may problema at walang exempted. Ilan lamang sa mga ito ay: Problema sa relasyon, pinansiyal, kalusugan, trabaho, at iba pang mga bagay na nakaka-kuha ng ating atensiyon. Minsan ay napaglalaanan natin ng mahabang oras upang lutasin ito. Ang mainam ay magkaroon tayo ng sapat na kaalaman kung paano natin ito haharapin at mapagtatagumpayan.

Ano ang dapat gawin kapag may problema?

a. Manalagin sa Panginoong Diyos – Ito ang pinaka-mabisang paraan sapagkat Siya lamang ang nakababatid ng lahat ng bagay.

"Dakila ang ating Panginoon, at makapangyarihan sa kapangyarihan; ang kaniyang unawa ay walang hanggan." Awit 147:5

b. Aminin at tanggapin na mayroong problema – hindi natin ito dapat ikaila sa sarili, ang matagal na hindi pag-uusap ng mag-asawa, palagiang argumento at pagtatalo ay hindi makakabuti sa relasyon.

"Lingapin mo ako, ako ay sagipin, sa bigat ng aking mga suliranin." Awit 55:2

c. Kausapin ang kaibigan at ibahagi ang iyong problema – ang pakikipag-usap sa kaibigan ay isang paraan upang maibahagi ang iyong problema. Alalahanin natin na ang tunay na kaibigan ay magbibigay sa atin ng komento na makakatulong sa atin upang maayos ang problema at sila ay magpapalakas ng ating loob. Ang kaibigan ay hindi lamang kakampi, kundi tinutuwid tayo kapag tayo ay may maling nagawa.

"Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila. 10 Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa sapagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal." Mangangaral 4:9-10

d. Lumapit sa Counselor – sila ay eksperto sa larangan ng pagbibigay payo upang tulungan tayo na malaman ang pinag-mulan ng problema at gabayan tayo kung paano malulunasan ang problemang kinakaharap. Kung ang suliranin ay sa relasyong mag-asawa, mainam na kayong mag-asawa ang sumailalim sa counseling sesyon upang kapwa ninyo malaman ang naging sanhi ng problema at pagtulungan ninyong malutas ito. Napaka-ganda na ang mag-asawa ay nagtutulungang maayos ang relasyon at ito ang inyong regalo sa inyong mga anak.

"Makinig ka ng payo, at tumanggap ka ng turo, upang ikaw ay maging pantas sa iyong huling wakas." Kawikaan 19:20

e. Maging positibo sa buhay at patuloy na magtiwala sa Panginoong Diyos – may mga bagay na nasa ating control at may mga bagay na wala sa ating kontrol. Siya ang Diyos na kayang gawin ang lahat at walang imposible sa Kanya.

"Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito."1 Corinto 10:13

Salamat sa Panginoong Diyos na nagmamahal sa atin at patuloy na nagbibigay ng lunas sa lahat ng ating mga suliranin. Lumapit tayo sa Kanya at patuloy na magtiwala sa Kanya at sumunod sa Kanyang kalooban.

Mahal ka ng Diyos!

## Php20M halaga ng Marijuana sinira at sinunog ng Cordillera PNP

**Tinglayan, Kalinga – Tinatayang Php20 milyong halaga ng halamang marijuana ang binunot at sinira ng mga operatiba sa isinagawang dalawang araw na Marijuana Eradication o "Oplan Morning Star" sa Brgy. Loccong, Tinglayan, Kalinga nito lamang Miyerkules at Huwebes, ika-16 at 17 ng Marso, 2022.**

Ayon kay Police Brigadier General Ronald Lee, Regional Director ng Police Regional Office Cordillera, matagumpay na naisagawa ang eradikasyon ng plantasyon ng Marijuana sa pinagsamang puwersa ng Special Operations Unit COR, PNP Drug Enforcement Group, Tinglayan Municipal Police Station, 2nd Kalinga Police Mobile Force Company, Kalinga Police Provincial Office, Philippine Drug Enforcement Unit Kalinga, Regional Mobile Force Battalion Police Regional Office Cordillera 1503rd at 1505th Company.

Ayon pa kay Police Brigadier General Lee, nadiskubre sa nasabing lugar ang may kabuuang sukat na 10,000 square meters ang mahigit kumulang 100,000 piraso ng fully grown marijuana plants na may tinatayang Standard Drug Price na Php20,000,000.

Agad namang binunot at sinunog ng mga awtoridad ang mga nadiskubreng mga marijuana sa mismong lugar ng taniman.

Samantala, walang naitalang nahuling marijuana cultivator sa isinagawang operasyon.

Dagdag pa ni Police Brigadier Lee, patuloy ang kapulisan ng Cordillera sa pagpapaigting ng Marijuana eradication upang mapuksa ang mga ipinagbabawal na mga halaman at upang matukoy ang mga nasa likod ng pagtatanim nito. *(Patrolwoman Febelyne Codiam)*



## Lalaking may dalang improvised shot gun arestado ng La Loma Police Station

**Quezon City — Arestado ang isang lalaking may dalang improvised Shot Gun sa Oplan Sita ng kapulisan ng La Loma Police Station (PS 1) nito lamang Sabado, Marso 19, 2022.**

Kinilala ni PBGen Remus Medina, District Director ng QCPD ang suspek na si Johnver Santos, 24, nakatira sa Bagong Barrio, Caloocan City.

Ayon kay PBGen Medina, bandang 12:10 ng madaling araw nahuli ang suspek sa harap ng Puregold Extra sa panulukan ng A. Bonifacio Ave. at Balingasa Rd., Brgy. Balingasa, Quezon City.

Ayon pa kay PBGen Medina, pinara ng mga pulis ang suspek sa kalagitnaan ng kanilang operasyon na sakay umano ng isang motorsiklo na walang plaka at walang suot na helmet.


Nang siyasatin ng mga pulis ay bigong maipakita ng suspek ang kanyang lisensiya at iba pang angkop na dokumento.

Sa pagkakataong iyon ay inatasan ang suspek na itaas nang bahagya ang kanyang pang-itaas na kasuotan upang masiguro na hindi ito armado; ngunit, isang hinihinalang baril ang nakasukbit sa kanyang baywang, kung kaya't agad siyang inaresto ng kapulisan.

Dito na kinumpiska mula kay Santos ang isang improvised shot gun, isang bala ng 12-gauge shot gun, at isang Mio Sporty motorcycle.

Mahaharap si Santos sa kasong paglabag sa R.A. 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act na may kaugnayan sa Omnibus Election Code.

"Mas lalo pa nating paiigtingin ang ating police operations upang mas masiguro natin ang ligtas, mapayapa at maayos na halalan sa darating na Mayo ngayong taon," saad ni PBGen Medina.

# "Project Manfaruwan" isinagawa ng Kalinga PNP







**Balbalan, Kalinga - Matagumpay na naisagawa ng mga kapulisan ng Kalinga ang "Project Manfaruwan" sa Dao, Balbalan Proper, Balbalan, Kalinga nito lamang Lunes, Marso 14, 2022.**

Ayon kay PLtCol Jeffrey Vicente, Acting Force Commander ng 2nd Kalinga Police Mobile Force Company 3rd Maneuver Platoon, ang aktibidad ay isinagawa kasama ang KALIGKASAN warrior members bilang paggunita sa buwan ng mga kababaihan na may temang "We make CHANGE Work for WOMEN".

Ayon pa kay PLtCol Vicente, nagsagawa ng feeding program at namigay ng mga libreng hand towels, damit at tsinelas sa mga benepisyaryo.

Dagdag pa ni PLtCol Vicente, tinalakay at nagbigay kaalaman din sila sa mahigit 120 na bata kasama ang kanilang mga ina patungkol sa RA 7610 o ang Anti-Child Abuse Law, RA 9262 o Anti-Violence Against Women and their Children, RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at ang papel ng kababaihan sa kampanya ng PNP laban sa insurhensiya sa ilalim ng Executive Order 70 NTF-ELCAC.

Samantala, lalo pang paiigtingin ng mga Kalinga PNP ang Project Manfaruwan para makapagbigay ng tulong sa komunidad na may higit na pangangailangan. *(Panulat ni Patrolwoman Febelyne Codiam)*

# Paggawa ng basahan tulong pangkabuhayan ng kapulisan sa Davao de Oro



**Davao de Oro - Paggawa ng basahan ang naging kabuhayan ng mga kababaihan sa tulong at suporta ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Cluster 11 sa Purok 2A, Brgy. Magnaga, Pantukan, Davao De Oro nito lamang Huwebes, Marso 17, 2022.**

Sa pangatlong pagkakataon sa pangunguna ni PLt Jeanette Pagtulong, Team Leader ay muli na namang naghatid at nagkaloob ng libreng mga pinaglumaang damit ang mga tauhan ng R-PSB Cluster 11 sa mga kababaihang miyembro ng Magnaga Ladies Friend Association, ang People's Organization na kanilang binuo para sa pagpapalago ng kanilang kabuhayan.

Ito ang ginagamit ng mga kababaihan sa paggawa ng iba't ibang uri ng basahan at pot holder na kanilang ibinebenta upang kumita ang kanilang organisasyon, kaya naman walang katapusang pasasalamat ang kanilang tanging sambit sa mga tauhan ng R-PSB Cluster 11.

Ang aktibidad na ito ay naglalayong suportahan ang nasabing PO sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga materyales na kailangan para mapanatili at mapalago ang kanilang pinagkakakitaan. Sa pamamagitan rin nito ay mapapanatili at mas napagtitibay ang magandang ugnayan ng kapulisan sa komunidad. *(Panulat ni Police Corporal Mary Metche A Moraera)*

# 2-Day Livelihood Training natapos ng 66 na kababaihan ng Quirino



**Aglipay, Quirino - Nagtapos ang 66 na kababaihan ng Quirino sa isinagawang dalawang araw na Livelihood Training ng Veggie Noodle at Veggie Pao Making sa Quirino Police Provincial Office Badminton Court, San Leonardo, Aglipay, Quirino noong Marso 15 at 16, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Rommel Rumbaoa, Provincial Director ng Quirino PPO, ang aktibidad ay alinsunod sa selebrasyon ng Women's Month na may temang "We Make Change Work for Women".

Ayon pa kay PCol Rumbaoa, ang mga lumahok ay mga kababaihang kapulisan, mga Non-Uniformed Personnel at mga sibilyang asawa ng mga kapulisan.

Layon ng Livelihood training na ito na makapagbigay ng dagdag pangkabuhayan sa mga dumalo at makatulong sa mga labis na naapektuhan ng pandemya.

Patuloy ang pagpapatatag ng kasunduan ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at ang Pambansang Pulisya sa pagsasagawa ng mga livelihood training tulad nito. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*







# Ex-NPA Commander at 37 iba pa, nagsipagtapos sa 12-Day Counter-Radicalization and Reintegration Seminar sa PRO11



**Davao City - Matagumpay na nagsipagtapos ang 38 dating rebelde sa isinagawang 12-Day Counter-Radicalization and Reintegration Seminar ng Police Regional Office 11 sa Sambisig Hall, Camp Quintin M Merecido, Buhangin, Davao City, nitong Biyernes, Marso 18, 2022.**


Ang nasabing pagtatapos ay pinangunahan ni PRO11 Regional Director, PBGen Benjamin Silo Jr. kung saan naging panauhin at tagapagsalita si PMGen Filmore Escobal, Deputy Commander, Area Police Command-Eastern Mindanao.


Walang katapusang pasasalamat ang ipinaabot ng dating kumander ng komunistang grupo na kilala bilang si "Kumander Bagwis" o Jonathan Macaraba sa totoong buhay sa pamunuan ng PRO 11 at sa lahat ng bumubuo sa programang Revitalized-Pulis sa Barangay dahil sa namulat siya sa maraming maling kaisipan na itinamin sa kanila ng dating kilusan na kanilang kinabibilangan simula nang siya ay magbalik-loob sa pamahalaan at sumailalim sa naturang programa.


Ipinagpasalamat din nito na sila ay nabigyan ng mga makabagong kaalaman para sa kanilang pangkabuhayan, nabinyagan, at nagkaroon ng pagkakakilanlan dahil sa pagkaroon nila ng birth certificate na kailan man ay hindi naibigay ng pagiging isang NPA.


Ang 12-Day Counter-Radicalization and Reintegration Seminar na ito na para sa nagbalik-loob na mga dating rebelde sa ilalim ng programa ng PRO11 R-PSB ay isinagawa upang suportahan at bigyang katuparan ang National Peace Framework to End Local Communist Armed Conflict sa Pilipinas sa ilalim ng mandato ni Presidente Rodrigo Roa Duterte na Executive Order No. 70 o ang Whole-of-Nation Approach.


Nangako naman si PBGen Silo Jr. na ipagpapatuloy nito ang programa ng R-PSB dahil sa nakikita nitong positibong epekto ng pagbibigay serbisyo ng mga kapulisan sa komunidad sa tulong ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan.



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## "Kaagapay Natin ang Kababaihan sa Pagtatanggol sa Mamamayan"

Sa tradisyonal na sistema ng lipunang Pilipino, itinuturing ang mga kababaihan bilang mga babasaging kristal, tagapagpalaki ng mga anak at tagapangalaga ng tahanan. Inilarawan sila sa mga literatura bilang mga kimi, mahinhin, palayuko sa dikta ng nakakatanda at karelasyon, tagawalis, tagaluto, tagalaba at tagaplantsa. Ang kanilang haplos ay nagpapaginhawa sa nararamdamang sakit ng isang bata, nagpapatahan sa isang batang nagmamaktol. Ang kanilang tinig ay kaakibat ng marubdob na emosyon ng pagkalinga at pag-aruga sa kapwa na sumasalamin sa totoong karakter ng kababaihang Pilipina. Para sa nakararaming Pilipino, babae ang ilaw ng tahanan na nagbibigay ng direksyon sa atin sa karimlan ng ating buhay, sila ang ating kanlungan sa mga sigwa at daluyong na ating kinakaharap.

Subalit sa ating kasalukuyang panahon, lumawak na ang nabuksang mga pinto ng oportunidad para sa mga kalahi ni EBA. Napalaya na ang kababaihan sa kinapiitang mga tradisyon, nakahulagpos na sa sinaunang mga balyus at paniniwala na nililok ng mga atrasadong kaisipan. Ang kababaihan ngayon ay humahawak na rin ng sandata upang ipagtanggol ang interes ng mamamayan at ipatupad ang batas nang walang kinikilingan.

Si P01 Jean Tacadao ay isa sa hanay ng mga makabagong kababaihan. Hinangad niyang maging isang Pulis. Bilang isang alagad ng batas, dumaan siya sa mga pagsubok at pagsasanay kagaya ng mga lalaking pulis. Hindi niya inalintana ang hirap nang pagsasanay at panganib, hindi matatawaran ang kanyang dedikasyon at katapatan sa tungkulin. Ang kanyang kagitingan bilang isang policewoman ay matingkad na nakatitik na sa ating Bantayog ng Kagitingan.

Sumasailalim noon sa isang training mission ang tropa ni Jean sakay ng isang patrol vehicle noong Disyembre 3, 2008. Kasama niya sa lakad na iyon ang apat na babaeng pulis. Nang marating nila ang area ng barangay Estado, Victorias City, biglang umalingawngaw sa paligid ang mga nakatutulig na putok ng baril. AMBUSH!! Ito ang malinaw na reyalisasyong tumambad sa mga babaeng pulis. Agad na gumanti ng putok ang tropa ni Jean na noon ay pinapaulanan ng bala ng nakararaming bilang ng mga manliligalig na NPA. MANEUVER!! Ito ang naging pangunahing reaksyon ng mga tinambangang pulis upang makaalpas sa inilatag na Killing Zone ng mga kaaway.

Pagkaraan ng ilang sandali, isang sumisingasing na bala ang tumama sa ulo ni P01 Tacadao na tumapos sa kaniyang magiting na pakikipagbarilan. "Mama, naigo ko sa ulo!", ito ang mga huling salitang kaniyang nasambit ayon sa kaniyang mga kasamahan. Sa kabila ng superyur na puwersa ng mga kaaway, nagpamalas nang katapangan ang natirang apat na mga babaeng pulis na kasamahan ni Jean at nagpatuloy sa pakikipaglaban hanggang sa dumating ang reinforcement troops ng ating pamahalaan.

Agad na dinala ng sumaklolong tropa sa pagamutan sa Silay City ang mga kasamahan ni Jean na sina PO1 Melanie Tupas, PO1 Marife Cantomayor, PO1 Jocelyn Tibar, and PO1 Annie Lou Patricio. Narekober naman ang mga basyo ng bala, ammunition clips at mga personal na gamit ng mga NPA sa pinangyarihan ng pananambang.

Dahil sa engkuwentro, kaagad na inatasan ni PDGEN JESUS A VERZOSA, Chief ng Philippine National Police noon, ang ground troops ng PNP na suyurin ang lugar at durugin ang puwersa ng mga NPA na responsable sa ambush."The gallantry demonstrated by these policewomen while locked in battle with the enemy is in the finest tradition of the police service and should inspire other police personnel to better perform their individual roles in internal security operations.", ang mariing pahayag ni Versoza.

Samantala, ayon naman kay Superintendent Yolanda Tanigue, Hepe ng Women and Children Protection Center (WCPC) noon at ang highest ranked female officer ng PNP ,"The treachery involved in the attack showed the ruthlessness and disregard for human life by the NPA insurgents.This may be among the risks involved in being a police officer, but certainly, this incident will not diminish the spirit of other policewomen who, like their male counterparts, are sworn to serve and protect the communities and the people against criminals and terrorists," pagbibigay diin pa ng babaeng heneral . Umaabot sa 11,000 ang mga kasaping babaeng ng PNP noon na bumubuo sa 9% ng kabuuang bilang ng Pambansang Pulisya.

# Mahigit 100 piraso ng ilegal na troso narekober sa Davao De Oro



**Davao De Oro - Narekober ng mga tauhan ng Monkayo Municipal Police Station ang nasa mahigit 100 piraso ng ilegal na troso ng puno ng Falcata sa Sitio Matangad, Brgy. Upper Ulip, Monkayo, Davao De Oro, nito lamang Martes, Marso 15, 2022.**

Kinilala ni PMaj Vagilidad IV ang may-ari ng nasabing ilegal na troso na si Gemma Sandawon Cotic kung saan tinatayang may katumbas na halagang Php15,000 ang mga inabandonang troso ayon sa DENR.

Ayon kay PMaj Vagilidad IV nakatanggap ng report ang nasabing istasyon mula sa isang concern citizen at agad naman pinuntuhan ito ng mga tauhan ng Monkayo MPS sa pangunguna ni PSSg Jo-Mares Montefolka.

Nasa kustodiya na ng Monkayo MPS ang mga nasabing ilegal na troso para sa tamang disposisyon habang sasampahan naman ng kaukulang kasong paglabag sa Presidential Decree 705 o Revised Forestry Code of the Philippines ang may-ari nito.

Isa lamang ito sa maraming matagumpay na operasyon ng Police Regional Office 11 upang mahinto na ang ilegal na pagtotroso at mapanagot ang mga lumalabag sa batas na ito. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

# Php14.1M Shabu nakumpiska sa PNP Buy-bust sa Cebu City

**Cebu City - Tinatayang Php14,110,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa buy-bust operation ng kapulisan ng Cebu City nito lamang Miyerkules, Marso 16, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Roque Eduardo Vega, Regional Director, Police Regional Office 7, ang suspek na si Mark Secretaria Duaban, 42, may asawa, residente ng Sitio Seaside, Brgy. Duljo Fatima, Cebu City.

Ayon kay PBGen Vega, nahuli ang suspek bandang 10:30 ng gabi sa Sitio Black Cats, Brgy. Duljo Fatima, Cebu City ng mga operatiba ng Regional Police Drug Enforcement Unit 7.

Ayon pa kay PBGen Vega, ang suspek ay kabilang sa High Value Individual sa rehiyon.

Dagdag pa ni PBGen Vega, nakuha kay Duaban ang 2,075 gramo ng hinihinalang shabu na may Standard Drug Price na Php14,110,000.

Mahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Sec. 5 at 11 ng RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang buong puwersa ng kapulisan laban sa ilegal na droga ay malaking bahagi ng kampanya ng ating Gobyerno na mapuksa ang paglaganap ng ilegal na droga sa bansa. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# Pulis at 3 suspek patay sa engkwentro sa Batangas

**Calatagan, Batangas - Nasawi ang isang pulis at tatlong suspek sa nangyaring engkwentro sa Calatagan, Batangas nito lamang Marso 12, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Antonio Yarra, Regional Director ng PRO 4A ang nasawing pulis na si Patrolman Gregorio S Panganiban Jr na nakatalaga sa Calatagan Municipal Police Station.

Samantala, ang tatlong nasawing suspek naman ay sina Joel Herjas y Robles, Rolly Herjas at Gabriel Bahia y Robles, pawang mga residente ng Brgy. Biga, Calatagan, Batangas.

Ayon kay PBGen Yarra, bandang 10:00 ng gabi nang rumesponde ang Calatagan Municipal Police Station matapos makatanggap ng report na may mga armadong kalalakihan na kahinahinala ang kilos sa Calatagan Cockpit Arena.

Dagdag pa ni PBGen Yarra, agad rumesponde ang mga kapulisan ngunit agad silang pinaputukan ng mga suspek at nagkaroon ng palitan ng putok na naging sanhi ng pagkasawi ni Patrolman Panganiban Jr at ng tatlong suspek.

Naitakbo pa sa Metro Balayan Medical Center at Calatagan Medicare Hospital si Patrolman Panganiban Jr ngunit dineklarang dead on arrival ayon sa attending Physician na si Dr. Yonnalyn Dalangin.

Bukod dito, dalawang sibilyan naman ang nasaktan na naroon din sa lugar ng engkwentro.

Naghain na ng pakikiramay si PBGen Yarra at ang buong kapulisan ng Rehiyon 4A sa pamilya ni Patrolman Panganiban Jr.

Ang kabayanihan ng pambansang kapulisan sa pagtugon sa anumang krimen tulad ng pagtupad ni Patrolman Panganiban Jr sa kanyang sinumpaang tungkulin ay isang sakripisyo para sa bayan.

"Huwag na kayong magtangka pang gumawa ng krimen o ano mang ilegal na gawain dahil ang ating pambansang pulisya ay handang ipatupad ang batas kailanman", ani Police Brigadier General Yarra. *(Panulat ni Patrolman Joshua Cruz)*



# 2 CTG members patay sa engkwentro sa Samar



Jiabong, Samar – Patay ang dalawang miyembro ng Communist Terrorist Group sa operasyon ng pulisya sa Samar nito lamang Miyerkules, Marso 16, 2022.

Kinilala ni Police Colonel Richard Saavedra, Provincial Director, Samar Provincial Police Office, ang napatay na si Amado Dacles Adelantar alyas "Butil", residente ng Brgy. Concepcion, Paranas, Samar, miyembro ng CTG at Execom/Secretariat, EVRPC, dating Secretary ng SRC Browser at adviser ng SRC Browser, ECRPC na may multiple Warrant of Arrest sa kasong Robbery with Homicide at Murder na may reward money na 2.9 Milyong piso at 1.2 Milyong piso sa JO Nr. 10-2009.

Ang isa pang napatay ay kinilalang si Maria Norie Adelantar alyas "Cedang/Mely", miyembro ng CTG at dating Finance Officer, SRC BROWSER at residente ng Brgy. Tutubigan, Paranas, Samar.

Ayon kay PCol Saavedra, tumugon ang mga kapulisan sa ulat tungkol sa kinaroroonan ng mga teroristang miyembro at bandang alas 2:00 ng madaling araw ng nakasagupa ng mga operatiba ng 12 Special Action Battalion, Jiabong Municipal Police Station, Provincial Intelligence Unit ng Samar Police Provincial Office, 87IB at Joint Intelligence Task Group 8ID ang mga miyembro ng CTGs sa Brgy. Alejandrea, Jiabong, Samar.

Ayon pa kay PCol Saavedra, dinala ang mga miyembro ng teroristang grupo sa Samar Provincial Hospital, Catbalogan City pero idineklarang dead on arrival ng attending physician.

Narecover ang iba't ibang gamit tulad ng isang unit KG9 Sub-machine Gun, isang 9mm pistol na may kasamang isang steel magazine na may kargang limang live ammunition, isang MK2 Hand Grenade HE, isang Improvised Hand Grenade, 2 Fired Cartridge Cases ng 5.56 mm at mga mahahalagang dokumento.

Mensahe ni PCol Saavedra, lagi naming hinihikayat ang aming mga pulis sa lahat ng lugar na manatiling mapagbantay at mag-ingat sa mga ganitong uri ng insidente. Nananawagan din ako sa mga natitirang rebeldeng komunista na isuko ang kanilang mga armas at bumalik sa batas at kailangan nilang sumuko at tanggapin ang alok ng gobyerno upang tamasahin ang isang mapayapa at produktibong buhay. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn Valdez)*

# Php6.9M shabu nakumpiska sa buy-bust sa Caloocan City; babae arestado



**Caloocan City - Tinatayang Php6.9 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska sa isang babae sa ginawang buy-bust ng mga alagad ng batas, nito lamang Miyerkules, March 16, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Jose Hidalgo, Jr, District Director ng Northern Police District ang suspek na si Charlene Nworisa y Zabala, residente sa Villa Crystal Phase 1, Bagumbong Dulo, Caloocan City.

Ayon kay PBGen Hidalgo, Jr, bandang 6:35 ng gabi naaresto si Nworisa sa Villa Crystal, Brgy. Bagumbong, Caloocan City sa pinagsanib puwersa ng PDEA RO 3, PDEA Clark Inter Agency Drug Interdiction Task Group, PDEA Region 3 RSET, PDEA-NCR NDO, PNP-Caloocan CPS Congressional Police Sub-Station 9, PNP-DEG SOU3, PNP-AVSEU3 at Bureau of Customs, Port of Clark.

Ayon pa kay PBGen Hidalgo, Jr nakumpiska sa suspek ang humigit-kumulang isang kilo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php6,900,000 at Barangay ID.

Mahaharap sa kasong RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang suspek.

Tiniyak ni PBGen Hidalgo, Jr na walang makakalusot sa kanilang hanay lalo na sa krimen na sangkot ay ilegal na droga.

Dagdag pa nya, paiigtingin din ang koordinasyon at ganap na ipapatupad ang kanilang mga mandato laban sa ilegal na droga.



# Top 1 Most Wanted Person ng Rehiyon 10 arestado sa Cebu City




Cebu City - Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person ng Rehiyon 10 sa isinagawang operasyon ng pulisya ng Cebu City nito lamang Miyerkules, Marso 16, 2022.

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Nasruddin Tayuan, Hepe ng Tuburan Municipal Police Station, ang suspek na si Fiel Montecillo Castillon, 40, residente ng Blk.12, Lot 12, La Miranda Crest, Grand Europa Subdivision, Brgy. Lumbia, Cagayan De Oro City.

Ayon kay PLtCol Tayuan, naaresto si Castillon bandang 4:00 ng hapon sa Brgy. Camputhaw, Cebu City ng makatanggap ng impormasyon galing sa Cagayan De Oro City na ang suspek ay namataan sa Cebu City at agad na ikinasa ang operasyon at inaresto ang suspek ng mga tauhan ng Tuburan MPS kasama ang Tabuelan MPS at RHPU10.

Ayon pa kay PLtCol Tayuan, naaresto ang suspek sa bisa ng multiple Warrant of Arrest dahil sa kasong paglabag sa R.A. 6539 o Anti Carnapping Act of 1972.

Ang tagumpay ng operasyon ay bunga ng magandang ugnayan at samahan ng mga kapulisan at mga mamamayan para mapanatiling ligtas ang komunidad sa anumang krimen. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# Top 1 Most Wanted Person ng Sariaya arestado

Sariaya, Quezon - Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person (Municipal Level) ng Sariaya sa Manhunt Charlie ng mga pulisya ng Sariaya nito lamang Sabado, Marso 12, 2022.

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel William Angway, Hepe ng Sariaya Municipal Police Station ang suspek na si Bernardo Aliling Endozo, alyas Banong, 53, Barangay Tanod, residente ng Purok Ilang-Ilang, Brgy. Tumbaga 2, Sariaya, Quezon.

Ayon kay Police Lieutenant Angway, bandang 10:26 ng umaga naaresto si Banong sa nasabing barangay ng mga operatiba ng Sariaya Municipal Police Station.

Ayon pa kay Police Lieutenant Colonel Angway, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Murder na may Criminal Case #2022-258 na nilagdaan ni Hon. Salvador Competente Villaro Jr, Presiding Judge ng Regional Trial Court, Branch 56 ng Lucena City noong Marso 3, 2022 at walang nirekomendang piyansa.

Ang tagumpay ng operasyon ay bunga ng magandang ugnayan at samahan ng mga kapulisan at mga mamamayan para mapanatiling ligtas ang komunidad sa anumang krimen. *(Panulat ni Patrolman Mark Lawrence Atencio)*



# Miyembro ng NPA sa Barrio sumuko sa Mt. Province PNP



Natonin, Mountain Province - Sumuko ang isang miyembro ng New Peoples Army sa Barrio sa pulisya ng Mountain Province noong Marso 12, 2022.

Kinilala ni Police Colonel Ruben Andiso, Provincial Director ng Mountain Province Police Provincial Office ang sumuko na si Maspin Puyao Bakidan, 51, may-asawa, residente ng Sitio Tuboy, Brgy. Banawel, Natonin, Mountain Province.

Ayon kay Police Colonel Andiso, isinuko din ni Bakidan ang kanyang baril na caliber .22 na may 15 live ammunitions sa pulisya ng Poblacion Natonin, Mountain Province.

Ayon pa kay PCol Andiso, ang pagsuko ni Bakidan ay bunga ng kanilang mas pinaigting na pagsasagawa ng Oplan Binnaga sa mga mamamayan na kanilang nasasakupan.

Dagdag pa ni PCol Andiso, si Bakidan ay inaasahang sasailalim sa programa ng gobyerno na Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) upang makapagsimula ng panibagong buhay.

Ang Oplan Binnaga ay isang programa ng MPPPO na naglalayong magbigay impormasyon at kamalayan sa mga mamamayan ng Mountain Province hinggil sa usaping terorismo.

# Php420K Smuggled na sigarilyo nasabat sa General Santos City



**General Santos City - Nasabat ng kapulisan ng General Santos City ang humigit kumulang Php420,000 na halaga ng pinuslit na sigarilyo sa Phase B, General Santos City Public Market, Barangay Dadiangas South, General Santos City, ngayong araw ng Sabado, Marso 12, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Paul Bometivo, City Director, General Santos City Police Office ang isa sa mga nakatakas na suspek na si alyas Jomeng, nasa wastong gulang at residente ng Barangay Labangal, General Santos City.

Ayon kay Police Colonel Bometivo, narekober sa lugar ng insidente ang mga sari-saring imported/smuggled na sigarilyo na may tinatayang halaga na Php420,900.

Ayon pa kay Police Colonel Bometivo, kabilang sa mga naisako ang 155 reams ng Gudang Baru, 100 reams ng Famous Menthol,100 reams ng Wilson American blend, at 100 reams ng Fort Menthol na sigarilyo.

Aniya pa ni Police Colonel Bometivo, na nakatanggap ng report ang kapulisan mula sa reliable source na may isinasagawang pagdidiskarga ng mga imported/smuggled na sigarilyo sa naturang lugar.

Agad namang inaksyunan ng mga duty alert team ng General Santos City Police Office, kasama ang Tracker Team Bravo ng Regional Intelligence Division 12 at mga tauhan ng Police Station 6.

Pagdating sa lugar, bandang alas tres ng umaga ng naabutan ng mga operatiba ang mga dinidiskargang sako na naglalaman ng iba't ibang brand ng sigarilyo na walang kaukulang dokumento.

Subalit ng nilapitan ng mga operatiba para i-verify kaagad na kumaripas ng takbo ang mga trabahador sa iba't ibang direksyon ng palengke kaya bigong naaresto ang mga ito.

Samantala, dinala naman ang mga ebidensya sa City Intelligence Unit, GSCPO para sa tamang disposisyon at bilang paghahanda sa kasong paglabag sa Sec.1113 Para. F in Relation to Sec.1401 ng R.A. 10863 (An Act Modernizing the Customs and Tariff Administration) sa sandaling makuha ang tunay na pagkakakilanlan ng may-ari. *(Panulat ni Patrolman Charnie Mandia)*



# Dalawang pekeng dentista arestado sa Mati City

**Mati City, Davao Oriental - Arestado ang dalawang pekeng dentista sa entrapment operation ng kapulisan sa Redulla Traveler's Inn, Brgy. Central, Mati City, Davao Oriental nitong Biyernes, Marso 18, 2022.**

Kinilala ni PLtCol Ernesto Gregore, Chief of Police ng Mati City Police Station ang mga suspek na sina Mohammad Reeza Sacre Bajunaid, 22; at Norjan Tapia Bajunaid 25, kapwa residente ng Purok Matanog, Brgy. Bagua-1, Cotabato City.

Ayon kay PLtCol Gregore, inaresto ang dalawang suspek dahil sa pagsasagawa ng ilegal na pagkakabit ng braces na hindi awtorisado ng Philippine Dental Association (PDA).

Nakuha naman sa mga suspek ang kanilang mga gamit sa pagsasagawa ng mga ilegal na dental operation.

Aniya pa ni PLtCol Gregore, na nadakip ang dalawang suspek ng pinagsanib na puwersa ng CIDG Davao Oriental Provincial Field Unit 11 at Mati City Police Station.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 9484 o Philippine Dental Act of 2007.

Pinapaalalahanan ng Police Regional Office 11 ang ating mga kababayan na huwag tangkilikin ang mga ganitong gawain na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan dahil sa hindi awtorisadong dentista o doktor. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*



# 1.2M halaga ng marijuana nasamsam sa Davao City



**Davao City - Tinatayang nasa 1.2 milyong halaga ng marijuana ang nasamsam ng operatiba ng Davao City sa isang suspek sa buy-bust operation nito lamang Sabado, Marso 12, 2022.**

Kinilala ni PMaj Noel Villahermosa, PS3 Station Commander, ang suspek na si Mark Anthony De Real Ceballos alyas "Anton", 21, residente ng Purok San Vicente Lote St., Brgy. Lizada, Toril, Davao City.

Ayon kay PMaj Villahermosa, bandang 9:11 ng gabi nahuli ang suspek sa Purok San Vincente Lote St., Brgy. Lizada, Toril, Davao City ng pinagsamang puwersa ng Drug Enforcement Unit ng Police Station 3 Talomo at City Drug Enforcement Unit ng Davao City Police Office.

Ayon pa kay PMaj Villahermosa, si Ceballos ay kabilang sa High Value Individual sa naturang lugar.

Aniya pa ni PMaj Villahermosa, nakuha mula sa suspek ang may humigit kumulang walong kilo ng marijuana na nagkakahalaga ng Php1,280,000 kasama ang buy-bust money na Php9,000; walong piraso ng Php1000 na boodle money at isang Huawei android phone na kulay pink na may sim card.

Dagdag pa ni PMaj Villahermosa, ang suspek ay mahaharap sa kasong paglabag sa Section 5 at 11 ng R.A. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang pagkakadakip sa suspek ay isang patunay sa masigasig na kampanya kontra ilegal na droga sa Rehiyon. *(Panulat ni Police Corporal Mary Metche A Moraera)*

# Php2.7M halaga ng Agarwood nasabat ng Sorsogon PNP



**Sorsogon - Nasabat sa checkpoint operation ng mga pulisya ang Php2.7 milyong Agarwood sa isang lalaki sa Barangay Buenavista, Gubat, Sorsogon noong Marso 15, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Arturo Brual Jr., Provincial Director ng Sorsogon Police Provincial Office, nakatanggap ng ulat ang Provincial Intelligence Unit ng Sorsogon PPO tungkol sa isang itim na Nissan Almera na may karga umanong Agarwood na kung tawagin ay "Lapnisan".

Ayon pa kay Police Colonel Brual Jr., dakong 5:30 ng hapon pinara ang itim na sasakyan sa nasabing barangay ng pinagsanib na operatiba ng Provincial Intelligence Unit (PIU) at Gubat Municipal Police Station.

Dagdag pa ni Police Colonel Brual Jr., ang nasabat na agarwood ay limang sako na naglalaman ng humigit kumulang 136 kilo na tinatayang may halagang Php2.7 milyon.

Kabilang ang Agarwood o Lapnisan sa listahan ng Endangered/threatened Philippine plants ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) kaya mahigpit na pinagbabawal ang pagkuha at pagbebenta nito.

Samantala, kinasuhan na ang lalaking suspek sa paglabag sa Presidential Decree No. 705 o "Revised Forestry Code" na inamyendahan ng PD No. 1559, Executive Order No. 277 at ng Republic Act No. 7161.

Walang inirekomendang piyansa para sa pansamantalang kalayaan ng suspek at kapag napatunayang siya ay nagkasala, mahaharap ito sa anim hanggang 12 taon na pagkabilanggo at multang Php100,000 hanggang Php1,000,000. *(Panulat ni Patrolman Rodel Grecia)*

# Php2.4M halaga ng Marijuana sinira at sinunog sa Sultan Kudarat



Sultan Kudarat – Tinatayang Php2.4 milyong halaga ng marijuana ang binunot at sinunog ng mga kapulisan sa isinagawang Marijuana Eradication sa Sitio Alyeng, Brgy. Datalblao, Columbio, Sultan Kudarat nito lamang Biyernes, Marso 18, 2022.

Kinilala ni Police Colonel Tom Tuzon, Provincial Director ng Sultan Kudarat Police Provincial Office ang marijuana cultivator sa naturang lugar na si Leng Labuayan.

Ayon kay Police Colonel Tuzon, matagumpay na naisagawa ang eradikasyon ng plantasyon ng Marijuana sa pangunguna ni Police Major Jessie Silva Jr., Chief of Police ng Columbio Municipal Police Station sa tulong ng iba pang kapulisan ng Rehiyon 12.

Ayon pa kay Police Colonel Tuzon, bandang 1:00 ng hapon ng madiskubre ang humigit-kumulang 12,000 square meters na pananim ng marijuana at may tinatayang halaga na Php2,400,000.


Agad namang binunot at sinunog ng mga operatiba ang mga nadiskubreng marijuana sa mismong lugar ng taniman habang ang mga natitirang marijuana ay itinurn-over sa Sultan Kudarat Forensic Unit para sa tamang disposisyon.

Ang suspek ay patuloy na pinaghahanap ng mga awtoridad at mahaharap sa kasong paglabag sa Sec. 16, Art. II ng R.A. 9165.

Dagdag pa ni Police Colonel Tuzon na sisiguraduhing mananagot sa batas ang nasabing suspek. At magpapatuloy ang kapulisan ng Sultan Kudarat sa pagpapaigting ng kampanya laban sa ilegal na aktibidad upang mapuksa ang mga kriminalidad at ilegal na droga sa kanilang nasasakupan. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Medelin)*



# 3 Chinese National arestado sa kasong Illegal Detention ng Parañaque PNP




**Parañaque City - Arestado ang tatlong Chinese National sa kasong Illegal Detention sa Parañaque City, nito lamang Martes, Marso 15, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Jimili Macaraeg, District Director ng SPD ang mga suspek na sina Zhao, Liang; Su, Xiaoxi at Long, Chen.

Ayon kay PBGen Macaraeg, bandang alas-9:00 ng gabi naaresto ang mga suspek sa Unit 210 Norway Building, Cassel Homes, Barangay Moonwalk, Paranaque City pagkatapos marinig ng mga barangay tanod at tauhan ng Parañaque Sub-Station 3 ang paghingi ng saklolo ng biktima.

Batay sa salaysay ng biktima na si Niu, Weicheng, nag-apply umano siya ng trabaho at sumang-ayon na makipagkita sa kanyang dapat na employer kung saan sinundo siya ng mga suspek sa Makati City para sa kanyang swab test at pagkatapos dinala siya sa isang condominium unit sa Paranaque City.

Dagdag pa ng biktima, dinala raw siya ng mga suspek sa nasabing condominium nang labag sa kanyang kalooban at pinagbabayad pa umano siya ng Php600,000 na may halong pagbabanta na siya'y ibebenta sa Cavite City bilang empleyado ng POGO.

Ang mga suspek ay mahaharap sa kasong Illegal Detention ng Revised Penal Code of the Philippines.

Sinabi ni PBGen Macaraeg na malaking tulong ang 24/7 na pagpapatrolya ng pulisya sa kasong ito kaya't titiyakin niyang mas paiigtingin ng kanyang hanay ang pagpapatrolya upang mabilis nilang respondehan ang sinumang nangangailangan ng kanilang tulong.

# Top 3 Most Wanted ng CALABARZON arestado ng Teresa PNP

**Teresa, Rizal - Naaresto ang Top 3 Most Wanted ng Rehiyon 4A sa operasyon ng mga pulisya nito lamang Miyerkules Marso 16, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Dominic Baccay, Provincial Director ng Rizal Police Provincial Office ang suspek na si Robery Borlaos Rapsing, 30, residente ng Brgy. May-Iba, Teresa, Rizal.

Ayon kay Police Colonel Baccay, bandang 6:49 ng gabi naaresto ang suspek sa Sitio Quary II, Brgy. May-Iba, Teresa, Rizal ng operatiba ng Warrant/Subpoena Section and Intelligence/Drug Enforcement Team ng Teresa Municipal Police Station.

Ayon pa kay Police Colonel Baccay, si Borlaos ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na nilagdaan ni Hon. Sheila Marie A. Ignacio (Presiding Judge) ng Regional Trial Court, Branch 80, Morong, Rizal, noong Mayo 31, 2010, para sa kasong Qualified Rape at walang nirekomendang piyansa.

Patunay na ang Pambansang Kapulisan ay walang humpay na magsisikap upang mahuli ang mga most wanted person ng bansa para manatiling ligtas ang ating komunidad. *(Panulat ni Patrolman Jun Jun*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.11 * Marso 12 - 18, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Proyektong "PANDAYanihan" ng RMFB7 umarangkada





**Lubos ang saya ng isang dating miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) nang mahandugan ng bagong tahanan sa tulong ng kapulisan ng Regional Mobile Force Battalion 7 "PANDAYanihan" Program nito lamang Biyernes, Marso 11, 2022.**

Makalipas ang halos tatlong buwan na pananalasa ng Bagyong Odette sa lalawigan ng Cebu, maraming pamilya ang nawalan ng tahanan at kabilang na dito ang dating miyembro ng Communist Terrorist Group na residente ng Brgy. Lawaan, Dumanjug, Cebu.

Ang dating CTG member ay may limang anak at ilang taon na din na nagdurusa sa mga sira, butas ng bubong at hindi maayos na tirahan.

Naging emosyonal naman ang benepisyaryo ng programa, nang mabigyan ng pagkakataong makapagbigay ng kanilang mensahe. Sabi nito "Dako kaayo ug tabang kanamu".

Naisakatuparan ang programang PANDAYanihan sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel Ronan Claravall, Force Commander, RMFB 7.

Ang programa ay naglalayong matulungan ang ating mga mahihirap na kababayan na lubos na naapektuhan ng nakaraang bagyong Odette na ayusin ang kanilang tirahan kasama na ang pagpapatayo ng bago o pagsasaayos ng mga ito. *(Panulat ni Patrolman Aivan M Guisadio)*

# Community Outreach Program isinagawa ng SPD






**Taguig City — Nagsagawa ng Community Outreach Program ang kapulisan ng Southern Police District sa Grandstand, SPD Headquarters, Fort Andres Bonifacio, Taguig City nito lamang Biyernes Marso 18, 2022.**

Ito ay pinamunuan ni Police Brigadier General Jimili Macaraeg, District Director ng SPD kasama ang kanyang maybahay na si Mrs. Ma. Rosie S Macaraeg at mga opisyales ng distrito.

Ang aktibidad ay dinaluhan ng 150 kabataan at 100 na mga magulang.

Nagkaroon din ng libreng gupit para sa mga kabataan, libreng pagkain at kasama na rito ang iba't ibang palaro na labis na ikinatuwa ng mga bata.

Nagbigay aliw din ang kapulisan ng SPD sa pamamagitan ng katutubong sayaw.

Pinasalamatan ni Police Brigadier Macaraeg ang lahat ng pumunta na naging paraan upang maidaos ng matagumpay ang programa.

Ang ganitong uri ng programa ay isang paraan lamang ng SPD PNP upang tumibay ang ugnayan ng pulisya at mamamayan.

# PNP Outreach Program sa MILF Community isinagawa sa Sarangani



**Kiamba, Sarangani Province - Nagsagawa ng Community Outreach Program ang mga kapulisan at mga miyembro ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) kaugnay sa Women's Month at MILF Anniversary Celebration sa Kiamba, Sarangani Province nito lamang Miyerkules, Marso 16, 2022.**

50 na kababaihan ang napamahagian ng groceries habang 100 katao naman ang naging benepisyaryo ng pinamahaging food packs. Maliban dito, nagpakain naman sila ng masusustansyang pagkain at binigyan ng regalo ang mga kabataan na nasa komunidad ng MILF.

Nagturo din ang mga tauhan ng Regional Community Affairs and Development Division patungkol sa RA 9262 o Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004. Samantala tinalakay din ni PCol Salman Haron Sapal ang Prevention and Countering of Violent Extremism sa lahat ng pumunta sa nasabing programa.

Matagumpay na nakapag-abot ng tulong at kasiyahan ang ating kapulisan sa pangunguna ni Chief, Regional Investigation and Detective Management Division na si PCol Sapal kasama ang tauhan ng Kiamba Municipal Police Station na pinamumunuan ni PMaj Herman Luna, Acting Chief of Police, at mga tauhan ng RCADD 12, Police Community Affairs Development Unit ng Sarangani Police Provincial Office, 38th Infantry Battalion ng Philippine Army, 1204th Regional Mobile Force Battalion 12, 2nd Sarangani Provincial Mobile Force Company sa pakikipagtulungan sa MILF.

Ang aktibidad ay naglalayong mapatibay ang ugnayan ng Pambansang Pulisya at MILF para mapanatiling mapayapa, maayos at ligtas sa kanilang komunidad. *(Panulat ni Patrolman Jerrald Gallardo)*